

# Ang dapat mong malaman tungkol sa COVID-19 testing

Unawain ang mga katotohanan tungkol sa COVID-19 testing upang maprotektahan ang iyong sarili, ang iyong pamilya at ang iyong komunidad mula sa paglaganap ng sakit.

## Diyagnostikong Swab Test

## Pagsusuri sa Dugo para sa Antibody

Ano ito?



Tinutukoy ang presensya ng COVID-19 virus.



Pagtitiyak kung dati nang may impeksyon ng COVID-19 virus.

Sino ang dapat magpasuri?



Kung mayroon kang anumang sintomas, tulad ng lagnat, ubo, at kahirapang huminga.



Maaaring irekomenda ito ng iyong tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan upang suriin ang ebidensya na nagkaroon ka na ng COVID-19.

Paano ito isinasagawa?



Pag-swab sa ilong o lalamunan



Pagkuha ng dugo o sa pamamagitan ng pagtusok sa daliri

Saan ito isinasagawa?



Karaniwang isinasagawa ito sa mga drive-through na lugar ng koleksyon



Karaniwang isinagawa sa medikal na pasilidad

Paano kung ito'y positibo?



Magpahinga sa tahanan at ibukod ang iyong sarili para maiwasan ang paglaganap ng COVID-19. Makipag-ugnayan sa iyong tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan kung lumala ang mga sintomas.



Nagkaroon ka na ng antibody laban sa COVID-19 virus. Hindi ito nangangahulugang protektado ka na sa muling pagkakaroon ng impeksyon.

Ano ang mga benepisyo ng pagpapasuri?



Kung positibo, makakatulong kang maiwasan ang paglaganap ng COVID-19 sa pamamagitan ng pagbubukod sa sarili.



Maaaring makatulong ang iyong mga antibody na mapagaling ang ibang taong may malalang coronavirus na sakit.

Magkano ang magagastos para rito?



Walang babayaran ang mga pasyente para sa pagsusuring ito sa ngayon.



Walang babayaran ang mga pasyente para sa pagsusuring ito sa ngayon.

## Para sa mga Tanong

Tumawag sa COVID-19 Hotline ng Mayo Clinic sa 1-507-293-9525. Mayroon ding makukuhang mga serbisyong interpretasyon. Bisitahin ang [mayoclinic.org/coronavirus-covid-19](https://www.mayoclinic.org/coronavirus-covid-19) o [mayoclinichealthsystem.org/covid19](https://www.mayoclinichealthsystem.org/covid19).